

Paghanap sa Onyx

Romulo P. Baquiran, Jr.

Nilalaman

Paunang Salita

ni Fidel Rillo, Jr. **i - iv**

Sa Piging ng Puso

Paghanap sa Onyx **5**

Puno **6**

Talinghaga **7**

Mga Hagdan **8**

Makiling Suite **11**

Kidlat **13**

Panibugho **15**

Kamatayan **16**

Kung Ang Mga Bulaklak Ko'y Bumukad Nang Lihim **17**

Nang Makita Ka Sinta, Ang Isip Ko'y Nagising **18**

Sisilong Sa Bagwis Mo Pag Nanduro Ang Ulan **19**

Sumasagi Ka **20**

Perlas **21**

Usok **22**

Sa Katayan **23**

Isang Gabi **24**

Pag-uwi **25**

Silahista **26**

Tatlong Hiling **27**

Estranghero **28**

Ilog **29**

Libing **30**

Umaga **31**

Hindi Etsapuwera **32**

Sa Diliman **33**

Oyayi ng Kabundukan

Ayyeng **36**

Igorot **38**

Si Rizal sa Exposicion de Madrid, 1887 **40**

Salidummay ni Macli-ing Dulag **41**

Open Pit Mining **42**

Oggayam kay William Henry Scott **43**

Sa Balacbac, Baguio **45**

Echo Valley **46**

Sa Fidelisan **47**

Sumaging **48**

Singsing ni Solomon

Ahas **50**
Arowana **51**
Tilapya **52**
Talangka **53**
Kitikiti **54**
Baka **55**
Pusa **56**
Aso **57**
Daga **58**
Kalapati **59**
Loro **60**
Gagamba **61**
Langaw **62**
Halimaw **63**
Saging **64**
Balete **65**
Bonsai **66**
Baging **67**
Papaya **68**
Duhat **69**
Ulan **70**

Mga Sabi (blurbs)

Jun Cruz Reyes **71**

Sa Piging ng Puso _____

Freelipiniana

Paghanap sa Onyx

(kay Nick Pichay)

Kaibigan, tulad ng paghanap sa banal na kalis
ang umasang matagpuan sa lugar na ito ang onyx.
Ang espasyong ito'y laging hinihiwa ng riles, ng tren.
Sa muling pagbulaga ng arkitektura ng langib
na karton, plastik, yero, lata, goma at playwud,
puso nati'y natinag sa nag-ilaw na mga kuwadro
ng pagkakait ng lipunan; kaya sa ating kalooban,
may sumuot na kirot na mas mahapdi pa sa ating
sari-sariling munting burges na trahedya ng pag-iral.
Ewan, baka sulasok lang na susundot sa ating ilong
ang singaw ng kalyeng kinukubkob na ng gabi.
Baka ang pag-alintana'y takas-init lang ng asfaltong
umiihaw sa mga paslit na hubong naglalaro,
siguro'y naghihintay sa kapatid, ama o inang
natutuyot sa mga pabrika o mall ng Maynila.
Magpapatuloy tayo sa biyaheng karag-karag
ng dyipni sa kalyeng tinitigmak ng neon.
Sa tanglaw ng nakamulagat na poste,
hayun ang pulubing may isang tungkod na mata,
nagtatanghal yata ng pagsuko o pagtakas
mula sa patalim na iniaamba ng lungsod.
Kinalyo na ba tayo sa pagsubok ng ermitanyo?
Huwag, kaibigan, huwag tayong maging manhid
sa tulad niyang ayaw nang tumingala sa buwan
at magpalipad ng diwang makahuhugis sa banal.
Pag nagkagayon, itinakwil na rin ang onyx na mahal.

4 Hulyo 1992

Puno

Sa ating pagtapak
sa banig ng lunti niyang lilim,
natikman ang mga alay na bunga;
nalasahan ang bubot na mapakla,
ang manibalang na matabang,
pati ang ubod ng asim
na nagpangiwi sa pisngi.
Di malimot ang inihulog
na bungang hinog- sa-araw,
nagpadaloy ng tamis
na akala natiy di na hihinto.
Pasalamatan ang punong
nagpatikim ng linamnam,
pumuno sa hungkag na puso,
hustong nagpagulang sa atin.
Tanggapin rin ang tangkay,
gabay ng ating kaluluwa
sa takdang mahaba
at pangwakas na lakbay.

21 Mayo 1994

Freelipiniana

Talinghaga

Ang talinghaga'y tanglaw sa hiwaga ng paligid,
mata at utak ng salitang gumuguhit na lintik,
dingas ng mga diwang nanunuot at nanliligalig,
hinahawi ang dilim, pinagniningning ang isip.

Ang talinghaga'y halik sa katawan at pagkatao,
lumuluksong dagitab na nagsasabog ng deliryo:
malalasaan mo ang haplos, mauulinig ang bango,
masisipat ang tamis, masasamyo ang tono.

Ang talinghaga'y naglilihim gayong naghahaya.
Ang itinutulak sa katotohana'y hinihila,
pinagsasanga ang kahulugan ng bawat palabra,
pinalalayang ganap ang matagal nang nakahawla.

Ang talinghaga'y paraluman sa paghuhunos-mundo,
dulo ng maigting na tunggalian ng dati't bago:
ang paglayang pinasibol sa puso't malay ng tao,
katubusang iluluwal, kapalit ma'y siphayo.

Ang talinghaga'y umuusbong sa puno ng salita,
bunga't bulaklak ng tinubuang lupain ng wika,
kinandili ng halakhak, luha't rubdob ng makata
pinagyaman ng karanasa't kasaysayan ng madla.

22 Mayo 1992

Mga Hagdan

1

Sumisibol ang pagkabaghang musmos sa paanan ko.
Aakyat ka, nagliliwanag ang mga kalamnan
sa bawat masakop na baitang ng paghingal.
Noon din, binalak mo nang iwan sa sahig
ang mga piraso ng hilahil na
ipinasusunong ng daigdig.

2

Sa iglap ng pagbakas ng talampakan
sa rabaw kong tumitilad sa grabedad,
nadama ko ang maiinit na paghangos
sa hangad na marating ang ginhawa.
May mga antas ng pagkapukaw
na matinkad na naiwan sa mga balagat ko.
Nilalanghap mo ang numinipis na hangin,
sinasamsam ng paningin ang mga bagong likha,
mga hamon sa lumalawak na pagkaakit
sa makadaigdig na larang na pagtutulusan
ng mga pintig ng maiilap na luwalhati.
Sa galugad ng tumitipunong binti,
dumarami ang palapag na nag-aanyayang
malatagan ng mga sinag ng pagkatao.

3

Inihatid kita sa bulwagang nagpasikdo
sa bulaklak ng iyong mga biyas.
Nagpugay ka sa mga sumukat sa balakid
sa pag-angkin sa pagpapala ng tadhana.
Ngunit sa pagkamal ng biyayang
pandilig sa hardin ng sarili,
bumuglaw sa iyo ang mga de-kurbatang
humakot sa kaban ng iyong oras
upang maihagdan nila sa gusali ng panginooon
na sarado sa pagsulong ng pangarap mo.
Mabigat pala ang pagkamakasari ng kapwa.
A, huwag tumalungko nang matagal sa likod ko.

4

Nagdaan ang layuning kawangis ng hakbang mo:
nakatuon sa korona ng puting araw,
nais sumakay sa mga alon ng liwanag.
Paraluman ng buhay ang matapat na kaibigan.
Ngunit nalagim ako sa pagsasatimog ng hilaga:

gumulong ang anino mong ipanagkanulo
ng kalakbay sa tugatog ng mga lunggati.
Ibinalik mo ang pagkamulat sa pinakaunang baitang.

5

Namamaos ang mga pulang bandera at istrimer,
nakatagdan sa mga kabataang nagpupuyos ang noo,
akyat-panaog sa sasabog na yatang mga baitang ko.
Sinong walang puso ang kumulata
sa kanilang yapak at payak na hiling—
pagkain sa nagugutom, pabahay sa walang matuluyan?
Sinong asal-hayop ang nagsara ng tarangkahang metal,
ayaw padantayan sa alikabok-kalye ang marmol na hagdan?
Ayaw masdan o malanghap ang nanginginig sa tangkay
na mga hasmin ng tunay na pangarap ng bayan?
Bakit ayaw paakyat silang lililkha ng hagdang
magpapakitid sa guwang sa dibdib ng kabalighuan?

6

Nagkabangga kayo sa baywang ko.
Humugos at nagdikit ang inyong mga tibok.
Mga pares kayo ng paang hindi mapakaling
lumipad sa ruok ng matalik na pagtatagpo.
Ngunit pagkaraan ng mga brilyanteng sumpaan
pagkaraan ng isinalang na bato ng di-pagkakaunawaan
nahulog sa baitang ang tinakaw-tinging lugod
saka dumaloy ang sariwang luha ng pagkahungkag
saka nagpukulan ng di-maapulang pagkamuhi.
Maraming nababasag sa hagdan ng pagsuyo.

7

Nakatampok ang mga rebulto sa pinakataas
ng hagdang binalangkas ng mga salita.
Sa pagdako mo sa pook ng banal na pagllikha,
napanood sa paglakad ang mga bayani ng panaginip.
Nakita mong may mantsa ang kasuotang maniningning
ng mga rebulto; diumano'y sapat nang dahilan
upang itulak sila sa timbangan ng gintong asal.
Ngunit tunay bang taliba ng kapurihan ang tumuligsa
habang naghahawak ng batong matalim at putikan?
May tanging hagdanang inaakyat ang laurel
na pinagsunugan ng kilay at puso ng nagsimpan.

8

Naglunti ang ilang dahon ng iyong pag-unawa
sa ilang pagbagtas sa aking mga baitang.

Hindi nawala ang pagbuntunghininga sa pag-iral.

At nalaman mong mababalak lamang na iwan sa sahig
ang mga piraso ng hilahil na sunong mo sa daigdig.

30 Disyembre 2002

Freelipiniana

Makiling Suite

Bakit mo ako iniwan sa gubat?
Akala ko'y muli akong hubad na magdiriwang
sa damuhan ng iyong pagmamahal,
hihiga sa sariwang dahon ng iyong dibdib,
at lalanghap ng tag-araw sa iyong hininga.

Sa gitna ng ating paglalakad
kumalas ang iyong matamis na akbay.
Hayan, lumitaw ang mga sangandaan,
nagbanta ang ulap at kidlat.
Nagkaligaw-ligaw ako sa bundok.

Sa pisngi ng natutuyong batis,
larawan mo ang naroon.
Nagkamali ka mahal
kung inakaala mong
higit kong mahal ang sarili.

Narinig ko ang huni ng pagong.
Tulad niya, sasabihin ko sa iyo, muli't muli:
kasingpusok ng kaniyang pag-iisa
ang pagibig ko sa iyo.

Sa paanan ng namumulaklak na narra,
nakatagpo kong muli ang matandang alamid.
Naroon pa rin ang singsing ng apoy sa mga mata.
Hindi na ako nadadarang sa mga iyon.
Sinubok niyang umawit ng pag-ibig.
Hindi na bara ng musika ang aking narinig
kundi banidosong ungol ng halimaw
na minsa'y gumutay sa puso ko.

Sa duyan ng umaalong puting buhok ng talahib,
bumangon ang diwang pinagdurusa ng ambon sa dapithapon.
At nakilala ko ang amihan sa kaniyang mga labi,
ang bukanliwayway sa kaniyang dibdib,
ang katanghalian sa pagitan ng kaniyang mga hita,
hindi ang nagdurugong pusong kagat-kagat niya.
Naakit akong sumayaw sa kaniyang mga palakpak
hanggang maging plawta ang pusong nasa bibig niya.
Pinilit ng diwang patuloy na lumikha ng sonata ng alon
ngunit ang gunita ng pulang ambon at tansong alamid
ang ngumangatngat sa kaniyang puso at isipan.
kaya hinanap kong muli ang plawta mong hugis-karit.

Natuklasan ko ang lihim na bahay
na ang pinto'y higanteng dilang
humihimod sa bawat nalilibugang panauhin.
Pumasok ako sa madidilim na pasilyo nito,
nakipagtitigan sa nagliliyab na mga matang
nang-aakit tungo sa sumasabog na aliw.
Linta ang mga uhaw na labing
gumapang sa aking katawan.
Nilagnat ako sa mga daliring gumalugad
sa hita, singit, kilikili at bulbol.
Singhigpit ng sawa ang mga yakap.
Nawalan ako ng ulirat sa mga lalamunang
nagsuklob ng pagnanasa sa aking pagkalalaki.
Nadama kong ang lahat ng ragasa ng ligayang ito
ay katumbas lamang ng pagsambit ng iyong pangalan.

Kuyom ko ang sandakot na abo ng iyong liham.
Hindi kailanman natupok ang iyong mga pangungusap.
Lagi nila akong kinukumusta at nginingitian,
binibigyan ng pakpak kapag tinutukso ng kamatayan.
Kaya ninais kong isaboy ang abo sa nagdaraang hangin,
ikalat sa ibabaw ng Laguna de Bay o tuyot na bukirin.
Nang magpasiyang buksan ang kamao
natuklasan kong naging diyamante ang abo.

17 Abril 1992

Kidlat

1

Walang iginagalang ang hindi na pag-ibig.
 Ito ang nabatid niya sa pagdating ng taglagas.
 Ang mga tinawid na lupang lunti
 at pinagsaluhang prutas at tubig ng pagmamahal
 ay maisasaboy sa kawalan nang gayon lamang,
 sa ngalan ng isang maring halik sa dalagita.

2

Sa gitna ng lunting palayan
 hinahabol ng matanda ang dalagita.
 Ang dalagita'y nimpa sa mata niya.
 Nadarama niya, singgaan ng ambon
 ang humahangos na hakbang nito sa pilapil.
 Hinahaplos niya sa kaniyang isip
 ang saluysoy ng buhok ng babae.
 Ang namumukol na suso nito'y
 natutunaw sa kaniyang bibig.
 Nagpapasikdo sa puso ng matanda
 ang paglingon ng dalagita.
 Ang bukid, ang lunting bukid
 ay nagbabaga. Mula sa abuhing
 balumbon ng ulap sa kanluran,
 nagsimulang humihip ang hangin.
 Nagkiskisan ang mga dahon ng palay.
 Nagtila ibabaw ng lawa ang palayan.
 “Hahabulin kita kahit sa ibabaw ng tubigan.”
 Biglang gumuhit sa langit ang alupihang kidlat.
 Sa isang saglit, parang sa dalagita
 galing ang nakasisilaw na liwanag.

3

Napatunayan niyang sa panahon ng taglagas,
 Isang munting dahon lamang ang katapatan:
 Butas-butas, nilulumot at nararapat hugutin
 mula sa naninilaw na aklat ng kaniyang pag-ibig.
 Sapagkat ang libong tamis sa piling ng asawa
 ay isa lamang panaginip na hindi dapat itinawid
 sa malawak na lupain ng tagsibol.
 Nadama niya ang pag-aapoy ng kabalyero
 Ngunit di niya akalaing
 maibubuwal ng puso ang magandang puno.

4

Nagpapahinto ng kaniyang dalagitang hininga
ang nakaluwang titig ng matanda,
tumututok sa kaniyang namumukol na dibdib.
Isang uliuli ang gumigising sa isip ng dalagita.
Bakit may bulaklak sa dila ang matanda?
Ano sa kaniya ang tagak na patungo sa malayong pook?
At isang araw, nasindak ang dalagita sa pagsugod
sa kaniya ng babaeng abo ang buhok,
nagbabaga ang mga mata
at matalas ang daliring sumurot sa kaniya.
At napigtal sa mata ng dalagita ang mga luha.

5

Hahabulin kita
kahit sa ibabaw ng tubigan.
Nang sumabog ang sanga-sangang kidlat
nakita ng matandang sa dalagita iyon galing.

16 Abril 1992

Panibugho

Ngayon pang inuuban ka na
at namimigat sa karanasan
ang iyong kaluluwa at katawan
saka iniligaw ng bugtong na panibugho
sa tagpuan ng natayantang na panaginip
ang daloy ng iyong bait, Inay.
Kay-lalim tuloy nitong bukal
ng iyong hikbing kay-pait pakinggan.
Hindi ko makilala ang udyok
ng pagsasaisantabing sinadya
o ikinadulas lamang ng amang
kinatigan ng musmos na paggalang.
Nakasulat pala nang mariin sa tubig
ang tipang nilagdaan ng dibdib.
Lindahin nga ang latay ng paglimot
kung nalasap na ang pangarap
na katamisan ng nagmahal na puso.
Anong bangka ang aking maihahatid
upang mahango ka sa pusod
ng kumunoy ng iyong panibughong
kumitil sa lahat ng iyong lambing?

12 Pebrero 1999

Kamatayan

Kamatayan ang iyong pangalan.
Ngunit lagi namang pinamumutawi sa labi,
hanging sumasapi sa bawat paghinga.
Gumuguhong ako sa namumuhi mong mata.
Sa pagtabon ng lupa sa aking mukha,
hiling na makapiling ka sa ibang panahon,
sa ibang pook na di kumikilala sa kasarian.
Walang ibang pangarap kundi ang ibigin ka.
Iniibig kita sa bawat pitlag ng aking dugo,
sa bawat patak ng aking luha.
Iniibig kita kahit wala na ako sa panaginip,
at kahit di akin ang iyong mga palad
na minsan kong nahawakan;
kahit di akin ang iyong katawan
na minsan kong nayakap.
Nais ko sana'y matikman
ang iyong pag-ibig sa munti kong silid.
Laging kitang pinatutuloy doon.
Sisindi ang ilaw na aandap-andap,
hanggang sa mamatay ang liwanag.

16 Hulyo 1994

Kung Ang Mga Bulaklak Ko'y Bumukad Nang Lihim

Kung ang mga bulaklak ko'y bumukad nang lihim
pagkat di marapat sa kamay mong bathaluman,
nagsupling rin ng tagpuan sa mga bituin
iniluhang hamog sa lupang magpakailanman.

Kung sanghaya'y umawit sa natulog mong isip
inilipad ka sa hardin ng ambon at simoy
huwag usisain ang talulot na naghatid
sapat na ang madantayan ka bago maluoy.

Kung naglagay pa ng liwanag sa iyong mata
ang hindi masalaming bulaklak ng ulirat
itanghal ang biloy mong ulan ko at umaga
hindi mo batid, mangingibig na ang kaharap.

Bulaklak na totoo pa sa dilang totoo
kahit ang nakaaalam lang ay ako't ako.

14 Enero 1992

Freelipiniana

Nang Makita Ka Sinta Ang Isip Ko'y Nagising

Nang makita ka sinta, ang isip ko'y nagising
bumukas sa sulyap mong singyaman ng tag-araw,
mirasol na puso'y lumipad muli sa hangin
sumagap ng biyaya sa anyo mong sumayaw.

Nahinog ang maasim na bungang ikinubli
sa ipinintang init sa lumuhod na dahon,
kung patirapang ihandog ngayon ang sarili
pagkat pinukaw ang kaluluwang nakabaon.

Tayo na't ipagdiwang ang pagsasanib ng tamis
ng mga katawan nating sa bukid nagtagpo,
ang bangkete sa damuha'y laging labis-labis
pagkat tanging ikaw ang panauhing pintuho:

Salamat sa buhay na idinampi sa labi,
salamat sa natuklasang lugod at ngiti.

15 Enero 1992

Freelipiniana

Sisilong Sa Bagwis Mo Pag Nanduro Ang Ulan

Sisilong sa bagwis mo pag nanduro ang ulan
oh mangingibig sa duklay ng aking pangarap
kahit na umagos ang bahang pantay-kawayan
laging apoy ng iyong puso ang nasa palad.

Kung isilang na muli ang bituing hilaga
liparin ang bahaghari sa dulo ng malay
walang pagod na pagaspas ko'y asahang sumpa
laon nang alay sa iyo ang singsing ng buhay.

Sa buhangin ng ginhawa'y sandaling humimpil
halika't ikaw naman ang sa bagwis sumilong
ipikit ang mata sa unos na umaangil
matulog, sinta, sa pag-ibig kong bumabalong.

Ang paglalakbay ko'y sa iyo lang humahangga
bahagharing minimithi'y ikaw pala, sinta.

16 Enero 1992

Sumasagi Ka

Sumasagi ka sa isip ko,
kumakaway na dahon
na hinahanap ng kaluluwa.
Dumadalaw sa kabundukan
upang masilayan ang iyong mukha.
Mahuhugisan kang hamog
sa taluktok ng bundok.
Sa lilim ng mapusyaw na langit,
may palamuti ng mga bituin
ang iyong mga mata.
Nababalot ang lahat ng alaala mo.

Sumasagi ka sa isip ko,
at madarama kong
ang kinaroroonan mo'y
ang kaloob-looban
ng aking kaluluwa.

2 Mayo 1998

Freelipiniana

Perlas

Nasa ipoipo ng mata niya
ang buhangin ng alaala.

Nais lusawin sa alon ang pighati:
ilulugay ang buhok
na pamumugaran ng sargaso
at daraanan ng hininga ng korales.

Matamis ang awit niya
sa naligaw na marinero.

At siya:
nilambat ng paghihintay
sa pinerlas na pagsuyo.

3 Oktubre 2002

Freelipiniana

Usok

Lumalagitik ang bawat salita
sa ngatngat ng apoy:
nauubos ang katawan
ng mga kinalingang hinanakit,
umaasa siyang ang alaala'y
mag-ulyanin sa udyok
ng nangsasalab na asap,
ng nang-aabong init.

Sa wakas, panahon ito
na ang bukbuking baul
ng gapok na mga sulat
ay mailantad sa liwanag
at mapilian ng takaw-apoy na papel.
Ipapakain niya ang mga salita
sa dibdib ng apoy
at nang magkapuwang
ang sumisibol
na bagong pagmamahal.

8 Nobyembre 2002

Sa Matandang Katayan

Nagulumihan siya--
tila kulisap sa sapot na walang gagamba,
bangka sa uliuling walang dagat;
dahon sa bagyong walang hampas ng hangin.
Bakit siya naligaw sa matandang katayan?
Kaytagal niyang di nagawi sa landas ng dugo.
Nalimot na niya ang mga patay na tili
at mga matang salamin ng kamatayan.
Ngunit isang gabing walang buwan,
bigla siyang dinala ng kaniyang hakbang
sa salansan ng mga puting gulugod
at binasag na mga bungo
At naroon pa rin ang matadero.
Hatakin, hatakin ang mga planeta
ipansulo sa naligaw na talampakan
tungo sa kaliwanagan ng mga lungsod.

13 Setyembre 2002

Isang Gabi

(kay N.)

Lumisan sa iyong silid
habang nagsasatingga ang talampakan.
Nasa itaas ang mga bituin,
ginising ang kislap ng tadyang.

Walang alunignig ang mga hakbang ko
sa pagdaraan sa tabi ng kapilya
at mga dormitoryong idlip.

Kanina lamang
sapo ko ang iyong noo
ngunit hindi naarok ng isip.
Ikaw ang nakitang ngumiti noon
kasama ang sabi'y di iniibig.

Di mapaknit na pagtataka
ang lumaki sa muni.

Nalusaw ang daang nakatutok sa buwan,
sumuot ang hamog
at tumiim sa mga mata
ang bulalakaw.

8 Nobyembre 2000

Pag-uwi

Gumugulong palayo ang orisonte.

Sa dako roon,
madaraan ko
ang puno ng alibangbang
na pinalakol ng kidlat.

Akyat-baba sa kaparangan
ang kalsadang lumilihis
sa abandonadong kubo:
ligid ng sanib ng talahib at dilim,
manaka-nakang tinatagos
ng tahulan mula sa bayan.

Tumitiim sa aking talampakan
ang ngipin ng mga bato,
maiwaksi dili ng mga kalyong
anak ng mga pagbagtas sa pitakan.

Gumugulong pa rin palayo ang orisonte.

Sa kaitaasan, lalong nagliliyab
sa paggapang ang mga alupihang bituin.

14 Nobyembre 2002

Silahista

Wala raw kinikilalang kasarian ang dulo ng mga ugat,
 kaya mga anak man ni Adan o ni Eva ang sumalat-salat:
 may koryenteng tiyak na gagapang, at may luwalhating sasambulat.
 Mainam nga yatang pilosopiya ito ng hedonista't manyak.

Lalawak ang pamimiliang ka-ONS, ka-affair, karelasyon,
 naghihintay ang mahabang talong at ang masarap na pulang tahong.
 Kung may narinig kang dahil diya'y nagbaba ng palda o pantalon,
 huwag magtaas ng kilay, may ganyan na noon pang unang panahon.

Tulad na lang ni Ditseng Kobang na isang guro sa unibersidad,
 killer ng mga kolehiyala dahil matsong-matsong maliwanag.
 Pero nang makilala ang mestisong bagets na kung umasta'y istad,
 bumigay ang imaheng bohemyo, at tuluyan na nga pong nagladlad.

Nagulat naman ang kasirkulo nang magsiklab ang bakla at tomboy,
 wala sa hinagap na mag-iibigan ang nasa parehong kahon.
 Ngunit huwag namang basta manghusga sa aso't pusang pagbubuhol,
 ang lalong mahalaga'y ang pag-ibig na tapat sa habang panahon.

Nahalata naman ng lahat ang dalawang magandang propesora
 nang kapwa manghinawa sa kanilang makisig na mga asawa,
 lalo pa nang matutop ang pompiyangan sa kuwarto ng kakilala
 ang isa't isa pala ang tinutugtog at hindi ang gitara.

Sadyang masalimuot ang kasariang sumisilahis ngayon.
 Nababaklas ang pader sa pagitan ng girl, boy, bakla, tomboy.
 Kung may narinig kang sa alinma'y nagbaba ng palda't pantalon,
 Huwag magtaas ng kilay, may ganyan na noon pang unang panahon.

17 Abril 1994

Tatlong Hiling

Saksi ang pawisang bote
nang magtapat ang binata
sa kapwa binata.

Narinig nito ang tugon:
“Pumakla itong beer.”

Lusaw na tanso
ang gumuhit sa lalamunan
ng mangingibig.
Tumakas ang espiritu
mula sa bote, parang genie.
Pero walang tinupad
isa man sa hiling:
pag-ibig, pag-ibig, pag-ibig.

18 Setyembre 2001

Freelipiniana

Estranghero

(*kay Jerry Arcega-Gracio*)

Habang umiinom ng *Pepsi*
 naakit ang matrona sa tindig
 ng lalaki sa likod ng salamin.
 Inginuso sa amigang naka-*Marlboro*
 ang nakitang maningning na kabalyero:
 kapwa kinilig sa lihim ng maong,
 sa umbok ng dibdib at daga sa bisig.
 Walang malay ang estrangherong
 nakatuon sa *last two minutes*
 ng basketbol sa iskrin:
 kinokonsulta ang kasama
 sa estratehiyang magagamit
 ng dehadong kopyon--
 Paano babaguhin ang mundo?
 Humabi ng pulot-gata
 sa Paris at sa Bahamas
 ang umiistrow ng *Pepsi*.
 Nagtayo ng mansion sa burol,
 nag-isponsor ng higitang party
 ang humihithit ng *Marlboro*.
 At naroon sa kanilang pangarap
 ang matipunong estranghero:
 sa loob ng dalawang minuto
 umalpas sa dumi at laswa ng Maynila,
 nagtagumpay na mabago ang mundo.
 Kahit nanatiling estranghero
 ang estranghero.

19 Setyembre 2001

Ilog

(kay Maningning)

Ang tinig mo'y isang daigdig
na bungang nagpatihulog
sa ilog ng kamatayan.

Hindi ko maubos-maisip
ang nagtulak sa iyo.

Ngayon,
kagitingan din kaya
ang manatiling nakahimpil,
araw-araw na tumitig sa kabagutan?
Sasabihin pang dakila
ang mabantad sa lumalawak
na kakitiran.

Hindi ko masukat
ang nilukso mong
kabilang pampang.

Nakatindig ako sa liwanag
Habang natitibag ang kinatatayuan.

8 Setyembre 2001

Libing

Pumanaw nang tahimik ang kaniyang ina:
pumailanlang na maamong diwata
patungo sa sinapupunan ng kubling lupain.

Hindi niya matingnan ang kaway ng kamatayan
kahit pa ang kaniyang ina ang larawang sumasamo.
Hindi niya malapitan, mayakap sa pamamaalam
ang katawang dating kumalinga sa kabataan.
Simbigat ng kaniyang panghihinayang ang mga dahilan.
Ayaw niyang matanghal sa nakikiramay
ang kaniyang di-matingkalang pagkukulang.
Ayaw niyang masdan ang liwanag
ng dapit-hapon na lalamunin ng karimlan.

Ulilang-ulila ang lapida
sa mga bulaklak na hindi niya mailuha.

14 Setyembre 2001

Freelipiniana

Umaga

Sa kabila ng dingding,
mag-asawang anasan:
nalalamukos na kumot,
hagikgik, hingal, halinghing—
Atungal ng bunso!
Kalabog ng termos,
lagapak ng botelya,
ligwak ng tubig,
liglig ng gatas,
singaw ng hangin
sa sinupsop na tsupon,
oyayi ng ina,
hilik ng bana.
Sa kapitbahay,
garalgal ng radyo,
halukay ng madyong.
Sa bubong, pagaspas ng tandang
at mataginting na tilaok!
Sa kabilang silid,
nanaginip pa ang dalaga
pero mulagat na ang tainga
parang araw na sumasalabid
sa mga poste at kawad
ng nag-iinat na kalye.

28 Abril 2002

Hindi Etsapuwersa

Symphony No. 9, Beethoven, Sonata in G major, K. 359, Mozart; Concerto for Two Violins & Orchestra in D minor, BWV 1043, Bach; Concerto No. 1 in E major, RV 269, Vivaldi; Cello Suite No. 3 in C major BWV 1009, Bach; Suite in F major HWV 348, Handel; Cello Concerto No. 1 in C major, Haydn; Concerto in D major for Three Horns, Violin and Orchestra, Telemann; Dance of the Blessed Spirits, Gluck; Kanon in D, Pachelbel; at Mutya ng Pasig, Nicanor Abelardo.

19 Abril 1992

Freelipiniana

Sa Diliman

1

Sa Diliman,
ang pagsulat ng tula
ay tulad na tulad
ng mailap na awit ng Carillon.

2

Mula sa Bulwagang Rizal
masisilip ang pagbabago
ng kulay ng damo:
lunti, kayumanggi, itim, lunti.

3

Kamakalawa lamang ba?
Narinig diyan sa tapat
ang mabunying Lakbayan.
Saan nagtungo
ang mga hubad na talampakan?

4

Asul na kristal ang langit
habang hinihigop
ng umaakyat na araw
ang tubig sa lagoon.

5

Hayun:
hinuhuli ng batang pintor
ang daloy ng tanawin.
Sa likuran niya,
mga paroparo.

6

Kitang-kita mula sa University Avenue
dinidilig ng hubad na hardinero
ang latag ng mustasa at petsay
"Tulad sa amin," pansin ng bisitang propesor
mula sa Tsina.

7

Sa aklatan,
namula ang mata ng estudyante
sa pagbasa ng matandang aklat.

8

Sa mga dulong sanga ng kabalyero
nagbabanta nang sumindi
ang mga talulot na malalaglag.

20 Abril 1994

Freelipiniana

Oyayi ng Kabundukan

*Non denggen nan ipogaw
Nan kali'n di mensulsulat
Maawatan dadalo nan leng-ag
Di nalawa'y batawa.*

Ayyeng

Anak ako ng kabundukan.
 Ang kabundukan ay aking nakaraan.
 Ang kabundukan ay aking kasalukuyan.
 Ang kabundukan ay aking hinaharap.
 Lisa lamang ang kabundukan at ako.
 Kasaysayan ko ang kabundukan.

Yahu! Cachangyan tacu!
 Humihimig sa bibig ko ang saggeypo,
 dantaong awit ng aking lipi.
 Ang kaluluwa ko'y humahawan sa tabon ng ulap.
 Ang araw sa kaniyang kagitingan
 ay umiimbulong sa ibabaw ng paypayew,
 magpipinta ng biyaya sa ili, sa dap-ay.

Sa pagkasi ni Kabunian,
 sa hudyat ng kiling
 mula sa mga fale sa dalisdis,
 huhugos ang mga talampakan
 kakaalayawin ang bundok:
 aamuin ang lumalaboy na tubig,
 iipunin ang kapangyarihan ng bato,
 gigisingin ang tibok ng luwad,
 bubunutin ang pangil ng rono
 sasawatain ang salakay ng daga,
 tatakutin ang laksang maya
 hanggang magtapis ng ginto
 ang bundok.

Mamumuwalan ang alang.
Yahu! Cachangyan tacu!
 Sa harap ng pappatayan,
 magpapasalamat ang mambunong
 sa lugod naman ng papangat at umili.
 Malusog ang namukad na alay na apdo.
 At tulad ng mga ninuno,
 sama-sama sa banal na lupa
 ang mga bitak na talampakan.
 Pumapagaspas sa hangin
 ang bagwis ng ili:
 sa alingawngaw, sa giting ng mga gangsa,
 sa ritmo ng solibao,

sa kalatog ng tongatong,
sa hiyaw ng lallakay at bakbaket.
Itataboy ng tapuy ang lamig ng hamog,
hanggang magtadek ang saleng sa siga,
hanggang magliyab ang buntala sa Pulog.

Patuloy ang tag-ani:
magniniig ang bahag at tapis
pagkat katiyakan ang paypayew
sa pagtindig ng bagong fale.
Malawak ang piyeg para sa mga baka,
naghihintay ng fagfagto ang uma,
namimigat sa bunga ang kakkaju,
nagtatanggol sa unos ang ginuphyat
nagkakanlong ng saraan at baboy-damo,
at kumukuyog ang isda sa ilog,
bukas sa atin ang puso ng bundok
salukan ng bakal, tanso at gintong
papandaying lingling-o, gangsa, at sibat.
Hindi mapupugot ang mga ulo,
may bodong sa mga karatig-ili.

Sa kabundukan,
sa tugatog ng mga saleng,
tahimik na nakamasid ang mga gabi,
tahimik na nakamasid ang mga ninuno.

Mayo 1994

Igorot

*Gofan, dacayo caungaunga apapoc:
mayuuac, ti dinalanco ad Lagud,
tiboc di bulog, tobcooc maanguhaccuhag
naunug hi ocac, maid cabangadana
uchuculona di buhul maunug hi ocac.*

Nagpanorte ang abenturerong di masugpo
ng marahas na habagat at along masakdo,
tulak ng paghahangad sa mga minang ginto
nasilaw sa tanghal na adorno ng katutubo.

Tinimbang ng matang-lawin ang hamon ng bundok
kumislap ang talim ng espadang tumitibok
sa inatas ng hari at hangad na masakop
ang bagong lupa't kaluluwa para sa diyos.

Nagulat itong konkistador sa mandirigmang
katutubong sa arkebus hindi basta mangha.
Sa entrada ng Kastila't mga tagababa,
ang pappangat at umili'y laging nakahanda.

“Kung Indio sa kapataga'y tiklop-tuhod sa krus,
dapat pati infieles sa hanggahan ng Ilokos;
dapat malimutan ang kayong bahag na suot,
ang hubad na talampaka'y dapat magsapatos.”

Nilamuyot ng misyonero ang bronseng noo
sa paraisong para sa maamong krist'yano
ngunit sa paglipat ng ili sa bagong pueblo
mas langit pa rin ang lupang yaman ng anito.

At patuloy ang kalakalan sa taga-baybay
pamalit ang ginto't pulot sa asin't balabal
kahit buong higpit na ito ay ipagbawal
ng mga dekreto ng gobernador-heneral.

At malayang mandambong ng kargada at taong
natawid sa bulubunduking ruta o paso,
salakaying kuyog ang kadigmang teritoryo
saka magdiwang sa mga pinugot na ulo.

Sadyang gabundok na insulto itong Igorot
sa administrasyong Espanyol na di tumugot
na bigyang katwiran ang sandatahang pagsugod
sa Kordilyerang pusong di mabitag ang tibok.

Itinutok ng mumbaki sa te deum ng fraile:
"Kung ikaw ang pastol ng binyagang hinehele,
ako ang gabay ng kung tawagin mo'y infiele,
kabuhayang handog mo, sa ami'y walang bale

pagkat ang hari mo'y hari ng tributo't polo,
patay ang Indiong isisingkaw sa monopolyo
kabuntot pa'ng kolera't bulutong na peligro
mga regalo ng kolonisasyong delubyo."

Dinig hanggang bundok ang tangis ng kapatagan
di matakpan ng kampana ng mga simbahan,
kaya lalo pa ang timyas-simoy ng paypayaw
ang hubad na kalayaan, dito'y nagkakanyaw.

16 Mayo 1994

Freelipiniana

Si Rizal sa Exposicion de Madrid, 1887

Mamatamin mo pang sila'y malagutan ng hininga
kaysa hubdan ng antropologong lente't kilay-Madrileña.
Karsel ang ituring silang eksotikong halaman o animal.
Hindi, hindi ito ang pangarap ng noo mong marangal.,
Binasag ng gangsa ang iyong kuwadrong ilustrado,
nagpanting ang tainga sa pilantik-dila ng amigo.
Nagimbal sa ismid-señora sa magiting na kapatnugot
sa mukha mo rin dumapo ang "que horror, Igorot!"
Ang Kastilang senador ay sumingasing na parang toro
sa bisyon ng mga ka-awdiyensiyang alingasaw-tsonggo.
Sa iyong alupihang kidlat na pagmamatwid,
dinuwelo ang ginoong kolonyalistang ama ng lupit:
"Ginagarantiyahan kong mahuhumaling ka sa kanila,
di ba't mahal na mahal mo ang amoy ng pulbura?"
Lantay at masigabong nakilandas ang Indio Bravo
sa supling ng Kordilyerang kapatid na Filipino.

21 Mayo 1994

Salidummay ni Macli-ing Dulag

Sa lipi ang lupain,
hindi mo maaangkin
d'yan sa titulong papel
at umang na M-16.

Alin ang mas sinauna
ang buhay-Kalinga ba
o planta-elektrikang
punyal sa Kordilyera?

Payaw na iyang payaw
bago pa isilang
mga batas-dayuhang
iyong sinasandalan.

At kung sibilisado
ba't isasakripisyo
ang sinaunang tribo
para sa moderno't dayo?

Dura nami'y balaraw
na ulang di magkamayaw
harapin ang halimaw.
Kaigorotan: kayaw!

13 Mayo 1994

Open Pit Mining

"Nawawalang kami ng ikabubuhay."

- Rosita Bayasa

Kumakampay sa simoy-Itogon
 ang bagwis ng palmerang
 naghahain ng lugod-nganga
 sa iling pinagbabantaan
 ng takipsilim sa dibdib.
 Yumayakap sa luwad-Antamok
 ang ugat ng halamang
 naghahandog ng igayang-ikmo
 sa iling tinatawag
 ng ninunong tumatahan sa kuweba.
 Nagkakanlong sa daloy-Liang
 ang mineral ng kuhol na
 nagbubudbod ng sarap-apog
 sa iling umaawit
 ng badiw kay Kabunian.

At nang kumupas ang korporasyon
 sumalakay ang *open pit mining*:
 kumikisay na lumagpak
 ang bagwis ng palmerang pino,
 naluluoy na lumuwa
 ang ugat ng halamang ikmo,
 sumisinghap na nadurog
 ang talukab ng kuhol.

At gumuhit sa mga ilog
 ang malapot na dugo ng ninuno.

14 Mayo 1994

Oggayam kay William Henry Scott

O pangat ng aming historya!
 nang mapigtal ang talulot
 ng liwanag sa iyong noo,
 bumagtas ang aming panimdim
 sa ilog Abulug
 Amburayan
 Agno
 Magat
 Chico.

O pangat ng aming historya!
 Kinilatis ng iyong balintataw
 ang natabunang katotohanan.
 Kinilala ng dunong mo
 ang tarik ng nakaraan.
 Tinuklap ng mga daliri mo
 ang kuta ng prehuwisyo sa malay
 upang patuluyin sa dibdib
 ang magkakapatid sa kasaysayan.

O pangat ng aming historya!
 Anong lupit ng balbuning brasong
 humaltak sa aming kaluluwa
 at nagsaboy ng aming luha
 sa apat na bugso ng hangin.

O pangat ng aming historya!
 Ikaw na mula sa pusod
 ng dambuhalang agila
 ay lalo pang inaalintana
 ang dapat maampat na sugat
 ng aming kaakuhan,
 at dapat ipagbunyi
 ng aming kaakuhan
 sa lahat ng panahon.

O pangat ng aming historya!
 Sa taluktok ng Kordilyera
 sa lingap ng luklukang pino,
 tanawin mo ang agos
 ng aming panimdim
 sa Abulug
 Amburayan

Agno
Magat
Chico.

O pangat ng aming historya!
Higit ang aming pagpupugay
dinggin ang aming mga gangsa
dinggin mo ang oggayam
sa iyong kadakilaan.

9 Mayo 1994

Freelipiniana

Sa Balabac, Baguio*(kay G.)*

Pinapagpag ng hamog ang alikabok sa balikat ko.
Gumagaan ang talukap ko habang pinapipikit
ng takipsilim ang marapait sa lunting dalisdid.
Bumubulong ang simoy sa buhok ng mga saleng
at kumakapit ang halumigmig sa bintanang salamin,
tuluyang tinabunan ang kuwadrong neon ng lungsod.
Sinlutong ng strawberries ang halakhak sa patio
pagkuwa'y patatahimikin sila ng mukha ng buwan,
gangsang sa bumubukas na balumbon ng ulap.
Sa pagtatanggol-lamig sa akin ng habing-Sagada,
hahanapin ka sa sinapupunan ng gabing-Disyembre.

16 Mayo 1994

Freelipiniana

Echo Valley*(kay G.)*

Umagos ang umaga sa pagitan ng mga agoho.
Payapang-payapa ang paligid at maririnig
ang hakbang ng mga langgam sa damuhan.
Ang tibok ng puso ko'y dagundong sa lawak-Abril.
Gintong banig ng hamog ang nakalatag sa Demang.
Sa banda roo'y esmeraldang hagdan ang sumusungaw.
Lumilipat sa kinauupuang bato ang kaluluwa ko.
Kaulayaw ko sa lambak ang ngalan mong aliw-iw.
Sa ibabaw ng kugon at talahibang umaalon-alon,
naulinig ko ang awit ng gangsa sa dako roon,
mula marahil sa kanina'y naraanan kong kasalan.
Ang likas-ukit na gulod ng mga batong dapog
ay humuhugis ng samut-saring guniguning anyo,
pati sariling nakahiga sa mga ataul na agoho.

17 Mayo 1994

Freelipiniana

Sa Fidelisan

(kay J.)

May kislap ng hamog
ang una mong sulyap,
binibini ng pangarap.
Kay-tagal kong hinintay
pumahid ang palad
sa puso kong sugatan.
Kay-rami nang ginalugad
ng talampakang lumikom
ng bubog at alikabok.
Kay-rami nang umatang
sa balikat na nauklo
sa mabibigat na pagsubok.
Binibini ng pangarap
paghilumin ang nakabukad
na sugat sa aking dibdib.
Hagkan ang labi kong
may alat ng dalamhati,
hayaang ang manlalakbay
ay dumalisay sa wakas
sa batis ng iyong buhok.

18 Mayo 1994

Sumaging

(kay Iday Mendigo)

Hindi sana alintanahin ng mga paang alagang-Nike
ang talim at dulas ng bato sa bunganga ng Sumaging.
Walang serberus, walang puwang ang karuwagan.
Hubarin ang astang-lungsod, magpalulon sa yungib
ng ninunong Kankanaey. Bihasa ang ating gabay,
matipunong naninimbang sa arkipelagong tuntungan;
tanglaw ang Petromax sa ating mga matang-manok
at tila reptil na paggapang sa halumigmig.
Umaalunignig ang ating mga tili sabay ng tarantang
sayaw ng mga anino sa di-makitang pader.
Huwag umurong! Ituloy ang pag-arok sa dilim.
Humawak sa lubid ng katiyakan, huwag malula
sa bituka ng bangin, sa tulak ng bigat ng hangin.
Mabubura ang pangamba sa magandang eskultura
na likha ng tubig sa dapog at daloy ng panahong
mas mahaba pa sa nilalangit na pag-iral sa siyudad.
Maya-maya pa' y magugulat sa tubig na kristal,
susuot sa butas na singsikip ng mata ng karayom
at sa wakas: ang bulwagan ng dalisay na talon!
Magtatampisaw, magtatanggal ng pag-aalangan.
Sa pag-ahon sa Ambasing, kay-liwanag ng araw,
napapikit-mata tayong tila mga bagong silang.

23 Mayo 1994

Singsing ni Solomon _____

Freelipiniana

Ahas

Ang pagkawala ng mga paa ko
ay nagbigay sa akin ng kakaibang
laya sa pagdama:
kalamnang ganap na sumasayad
sa lupa, damo, o sanga.
Huwag akalaing lagi akong nanunukso,
nagbubulid sa iyo sa kasamaan.
Maghinay sa sinaunang bintang--
kiwal o kembot,
gapang o lakad,
kagat o tuklaw,
sakal o lingkis--
iisa ang ating layunin,
iba't iba lamang ang paraan.
Sa sama o buti ng kalooban
ikaw ang higit na makapagpapasiya,
ikaw na higit na malapit sa maykapal.
Kung makatwiran, bakit dudurugin
ang tahanan ng aking kamalayan?
A, hinding-hindi mo siya kawangis.
Lalo akong nangingimi sa iyong kalayaan.

23 Setyembre 2002

Arowana

Sumisilaw sa amin
ang bawat kislod
ng iyong kaliskis:
nagsasabog ng kaba,
sa bawat silid ng aming
mumunting puso.

Inihagis kami rito
sa parisukat mong daigdig:
lagi tuloy saklot ng panginilabot
ang sutla naming palikpik
sa iyong matang matalas
at mga sungot na nanunurot
mula sa talim ng iyong panga;
lagi tuloy liglig ng takot
ang bawat kibot ng hasang
sa iyong pagparoo't paritong
walang-hanggan.

Wala kaming masulingan,
(kami na iyong mga kaiba)
sa ibabaw man o suwelo
ng iyong maliwanag na paraiso.

Ang pasag ng iyong buntot
ay sapat na magpaulaol
sa aming kimkim na sindak.

At lalo pa kapag kidlat
na nilulon ang isa sa amin
na gatong sa malamig
na apoy ng iyong gutom.

5 Enero 2002

Tilapya

Malayo ang pinagmulang ibang ilog,
nabura na ang alaala ng dating tahanan.
Ngayon, ang bagong tubigang ito'y
walang ipinagkaiba sa lumang daigdig ko;
huwag masamain ang pagbulabog ko
sa ugnayan ninyo sa dakong ito:
ang utak ko, tulad ng utak ninyo,
ay naghahanap ng mailalagay sa tiyan.
At kung ikaw ang mapagbalingan,
wala akong magagawa.
Ikaw ang naririyang,
ikaw ang hahagilapin ng matang
kasintalas ng mga ngipin;
alam ko, pareho lamang tayo ng iniisip
nang lamunin mo ang mga kitikiti
at nimpang tutubing namugad sa lili.
Lagi rin silang nakalantad
sa iyong gumagalugad na palikpik.
Hahayaan kitang lasapin sila
at hahayaan mo ring lasapin kita.
Pagnanasa itong di masisinsay
hanggang ang mismong tubigan
nati'y maging kati, gubat o disyerto,
o di kaya'y sumanib na muli sa dagat.

19 Setyembre 2002

Talangka

Talukab ko na ang dinudungol mo, katoto.
Huwag akalaing burak ang lahat ng nasa ilalim.
Huwag masyadong usyosohin ang mapagkubli,
hayaan akong mamuhay sa putik, kung ibig;
magmistulang bato sa paghihintay
sa malalaglag na piraso ng mga nasila mo.
Huwag laitin na bagama't ako'y akwatiko din
ay mas gustong gumapang nang urong-sulong
kaysa sumalunga sa agos o alon, tulad mo.
Pinili ko ang kailaliman at huwag sabihing
wala naman akong pangarap makaahon.
Dito'y wala akong kapaligsahang gahaman.
Okey lang kami ng kadunggulang kuhol
na nagpipista sa hindi ko naubos na laman.
Huwag masyadong maurirat, matabang isda
at kapag inilapit pa ang mapulang hasang,
mapipilitan akong iwasiwas itong mga sipit
at lagasin ang ilan sa nakasisilaw mong kaliskis.

29 Disyembre 2002

Kitikiti

Atin, talagang atin
ang tubigang ito;
kay-bait ng maykapal:
sanlaksa tayong salinlahing dumadagsa
sa lahat ng panahon, kaniyang kinakalinga.
Kaya, magsayaw tayo ng papuri
pagkat isinabog tayong binhi,
tumatalima sa kaniyang atas:
“humayo kayo’t magpakarami.”
Nararapat ipagdiwang ang biyaya
ng buhay; naghihintay ang liwanag
ng araw, ang samyo ng hangin
pag-alpas sa kinasadlakang lusak.
Huwag, huwag padaig sa lumbay.
Yugto lamang ito, mga kapatid.
Magsayaw, kiligin sa pangako
ng pagtubo ng mga pakpak,
ng paglipad, ng pag-ilanlang
patungo sa lubos na kalayaan,
paglapit sa maykapal.
Mag-ingat lamang
sa naglipanang bitag
na bunganga ng isda
at ngipin ng nimpang tutubi.
Ngunit bakit aalalahanin ang panganib?
Ang pagpaparaya ay pagtupad
sa kaniyang atas:
“Pakaibigin ang kapwa.”
Malipol man ang daan-daang kapatid
may libo-libo pang tulad nating
magpapatuloy sa tinatamasang eternidad.

12 Setyembre 2002

Baka

Masuwerte kami:
kapiling ang parang
na binubughan ng langit
ang mga langgam, tipaklong at paruparo.
Walang aalalahaning buwis
na kinokolekta ng gobyerno.
Walang tsismis o intriga
kapag bagot at walang magawa.
Hindi kailangang magalit
pag inungaan ng kapwa baka
sa mismong butas ng tenga.
Hindi dumadanak ang dugo
kapag may pangahas na baka
na pumatong sa asawa ng iba.
Hindi rin kailangang makibaka
kapag naiba ang paniniwala
ng kinabibilangang kawan
sa paniniwala ng kabilang kawan.
At kapag kami'y naihi,
hindi na kailangang ilabas ang ari
o tumakbo sa kubeta.
At sakaling kumulo ang tiyan,
hindi na kailangang magpawis,
puwede nang manginain
sa mismong kinatatayuang damuhan.

16 Agosto 1985

Pusa

Binulungan ako ng buwan para maglimayon
sa gabing dinidilaan ng maalinsangang hangin.
May kumislol sa pagitan ng mga hita ko
kaya umunat ang kagigising na mga paa
pagkatapos na tila sultang humilata sa bubong,
managinip ng mga balahibo at dahon
at ipaubaya sa mga bata ang lawak ng bakuran.
Sutlang kumiwal ang mahaba kong katawan
saka parang palasong humagkis sa hangin
at lumapag na alpombra sa alikabok.
Hindi bukas na bintana o siwang sa kusina
ang sinusukat ng aking mga sungot,
hindi daga o paroparo sa hardin
ang hinahagilap ng aking mga kuko,
hindi binti ng katulong na naglilinis ng isda
ang hinahaplos ng matikas kong buntot,
hindi huni ng ibon sa dulo ng papaya
ang inuulinig ng tengang pingas ang dulo;
tiyak ng aking mga matang bola ng apoy
ang balahibuing dapat matutop sa kabila ng pader.
At sa liwanag ng buwan, naaninag ko
ang lampong---lumiyad-gumulong sa damuhan.
Mamaya lamang, muli na namang mapapapikit
sa masasaksihan ang bilog na bilog na buwan.

16 Hulyo 1992

Aso

Walang latoy ang danas mo
kung talas ng pandama ang usapan:
pang-amoy at pandinig ko'y ilang ulit
ang bisa sa limitasyon mo.
(Kaya hintuturo ako ng droga o bomba.)
Tiyak na hindi mo matatagalan
ang halimuyak, anghit, bango, sulasok
ingit, tili, lagabog, busina, pagsambulat
ng mundo kapag nagkapalit tayo ng ulo.
Pero dahil ako'y hamak na aso,
nakatutok ako sa amoy at boses mo.
Diyan nakasalalay itong buhay ko.
Huwag masamain ang asal-asong katapatan
(Iyan ang naman ang hanap mo kahit sa kapwa.
Pero walang tao—labis man ang pag-ibig sa iyo—
ang sasamba sa bawat pintig ng kapritso mo.
Kung meron man, baka aso na iyon, di tao.
Wala akong makatutulad sa pagsamba sa iyo.
Parusa diumano ang turingang tao-sa-tao.)
Sa munting isip-aso, hindi ko maunawaan--
sa kabila ng lubos na handog-buhay ko--
kapag ginusto mo (kahit sinong amo),
magwawakas ako sa tinidor ng lasenggo.

17 Setyembre 2002

Daga

Kabilang ako sa paraiso mo:
 magarang mansion, may sandosenang tsikot
 malusog at masayang pamilya,
 at kusinang namumuwalan sa tsibog.
 Makikiamot lang naman
 sa biyayang tinatamasa mo.
 (Sa masama o sa mabuti man galing
 hindi kita huhusgahan.
 Hindi ba't para mo na rin
 akong amigo?)
 Maanong hayaang simutin ko
 ang mga mumo at simi
 sa lababo, o kahit na ang pagpag
 ng maselan mong pusa at aso.
 Huwag marimarim kung makita
 akong naglulunoy sa kristal
 mong swimmingpul; hindi sinasadya,
 nadulas nang minsang manalamin
 at nabighani sa ngusong balahibuin.
 Bakit magdedeklara ng digma?
 Ituring na salot ang kaliitan?
 Ipahuli sa pulis na pusa,
 ipalaso sa de-kesong bitag,
 patikimin ng makapunit-bitukang lason,
 o pasinghutin ng nakaduduwal na gas?
 Kay-lupit mo, hari ng mundo.
 Pero hindi bale, sa lungga ko,
 may sandosenang mamula-mula
 nakapikit pang mga bubuwit
 na laging handang makihati
 sa malawak mong paraiso.

18 Setyembre 2002

Kalapati

Hindi hawlang metal ang lalo kong piitan
kundi ang pagluklok mo sa akin sa payapang larawan,
sa dambana ng kabanalan, sa hindi ko tunay na buhay.
Sanhi't mukha akong maamo, gayon na rin ang puso.
May tibok na di-mapipintigan sa rabaw ng anyo.
Sandaigdig ang mga nakasaray sa mababang paglipad
hanggang sa pagaspas sa hanggahan ng ulap at langit.
Maipapagitan sa aking tuka ang tangkay ng laurel
at ang duguang balahibong nilagas ko sa kinapootan.
Nasa dibdib ng pagnanasang ipahayag ang lahat
ng katangian ng pagka-ibong di mahahadlangan
sa ngalan ng paghanga mong sana'y marangal
ngunit higit mong pangarap—kaya di ko masuklian.
Ang katapatan ko'y hatak ng balaning di mo maramdaman.

29 Disyembre 2002

Freelipiniana

Loro

Bago ako nabiling nakahawla,
noon, sa matatayog na puno
ng gubat at sa himpapawid:
kawan kaming nag-uusap
sa samutsaring huni, asta ng katawan,
pagaspas, kiling ng ulo o buntot,
sulyap o titig lamang.
Maligaya sa likhang pugad
na pamana ng ninunong
mas panganay pa sa taong-Tabon.
Talastasang hindi dila lamang,
wala kaming binibigkas na wika.
Kaya ikinamamangha ang pag-ulit ko
sa ibinulong mong mga kataga.
“bait mo” “ganda mo” “salamat”
Mabisa ang salita
kaya sana’y higit kayong
magkaunawaan ng kapwa,
laging mapagkakasundo ng tulay na wika.
Ngayon, dito sa puso ng hawla,
lalo ka pang namamangha
kapag pinawalan ko ang katagang
madalas mong ipukol sa kasambahay:
“Tanginaka!”

6 Oktubre 2002

Gagamba

Heometriya ng pagnanasa ang hinabi ko sa hangin,
isinadaigdig na balag na tawiran ng pag-iral.

At nakatanghal ang aking pusong naglalambitin
sa pagdidili sa iyong walang pasubaling pagkaakit
sa kuwintas ng prismong hamog sa kawad ng lambing.
Maningning ang mga mata ko sa kristal mong pagaspas
na pagtalima sa aking sining—rurok ng buhay mo
at ng buhay ko—at may dagitab na rumagasang
nagpabaga pang lalo sa kawing ng mga hiyas.

Ang pagtakas mo sa grabedad, ang paghalukay sa hangin
ay maipapalamuti dito sa duyan ng basang liwanag.
Sige, ikampay nang buong sigasig ang mga pakpak,
taimtim na ikisay ang pinakadulo ng paglipad,
ipahayag ng katawan at ng kaluluwa ang paghanga
sa sining kong sadyang bahagharing hugis-luha.

26 Disyembre 2002

Freelipiniana

Langaw

Huwag na huwag magtaka,
dumadami kami dahil sa iyo.
Imbitado kami sa pista mo.
Bugawin man kami sa mesa,
hinandugan naman sa basurahan
ng higit pa sa kailangan namin.
Kumikiwal kaming nagdiriwang
sa di mo inaaming kadiwaraan.
At buwisit na buwisit ka kung bakit
gayon kaprolipiko ang lahi ko?
Ano ang silbi ng kemikal,
elektrikal, mekanikal na desimasyon?
Sa totoo lamang, hawak mo
ang timbangan ng katarungan:
sa kabila--ang wasiwas ng kamatayan,
sa isa pa--ang biyayang kadiwaraan.
Ikaw tuloy ang imaheng nakikita namin:
daan-daan, bumabangga
sa napakalinaw na langit
ng iisa nating kaligiran.

21 Setyembre 2002

Halimaw

Nalalagas ang bituin
sa kaniyang tingin.
Sa gabi, tinutubuan siya
ng balahibo, kuko, pangil.
Kasi'y iinom ng dugo
ng nagmamakaawang tao.
Pagdilat ng umaga,
almusal ng lungsod
ang ulo ng balita:
katawang hinango sa ilog,
ulong pinulot
sa tambak ng basurahan.
Nalalagim ang lungsod.
Tila sanggol naman ang halimaw,
unan ang mga pinaslang.

22 Setyembre 2002

Freelipiniana

Saging

Hindi ako kasintikas
ng katabing narra;
napapamaang ako
kapag tinawag na puno.
Higit na kauri, pakiwari ko
ang sibuyas (na kahit paano'y
nakakubli sa lupang magaspang)
dahil palapa ko'y natutuklap ng kuko.
Kapag may mga batang
nagpapakana ng digmaan,
kapag may lalaking sumama ang loob
sa anumang kadahilanan at kailangang
magwala, mag-ubos ng galit,
malamang na ako ang mapagbalingan.
Iwan akong tuhog o sugatan
kundi man tiniba nang tuluyan.
Iyan ang mahirap kapag malambot ka
sa daigdig na itong uso ang dahasan.
Kaya pinakalakihan ang pusong
may handog na agimat
sa sinumang tunay na magiting
at taglay ang kadalisyang
tulad ng puso kong nakawagayway
sa abot-tanaw na kalangitan.

10 Setyembre 2002

Balete

Tahimik akong humahamig ng hangin at liwanag
maliksing sumisimsim ng sustansiya at tubig
mula sa mga batong nagkalat sa aking paanan.
Nakakamangha ba ang pagbulas ko?
Walang akong gatol sa pag-angkin sa espasyong
inaapuhap, ginagagáp ng malalabay kong sanga,
masisiglang tangkay at di-magkamayaw na dahon.
Nagrarambulan ang tila mga ahas na ugat-baging
sa punong-katawan kong tila mapusyaw na uling.
Tumatayog, lumalapad ako araw-araw.
Sa lilim ko sa tanghaling tapat, langit-langitang
bubong ang kabuuang saklob ko sa sinuman.
Sa kasagsagan ng tag-init, sa salab ng Abril,
biglang maninilaw ang angaw-angaw kong dahon,
iglap akong nagpasiyang magpista para sa lahat.
Tumatatal ang bawat paruparong banderitas
sa banayad, maaligamgam na hininga ng hangin.
Kapag bumuga naman tulad ng tarantang kusinero,
aalimbukay sa lahat ng dako ang alipatong dilaw,
huhugos sa latag ng nabibitak na bakuran,
lilikha ng lampas-tuhod na salansan ng kamatayan.
Ngunit sa pagtingala ng lahat, higit na nakasisilaw:
nagbihis ako nang lunting-lunti, bagong mga dahon.
Isipin: kahapon lang, isa akong higanteng kalansay.

12 Setyembre 2001

Bonsai

Naniniwala ako nang lubusan:
wagas na pag-ibig ang nagtutulak
sa iyo upang hubugin ako sa kaliitan.
Mapagpala ang bihasa mong pagpilipit
sa sanga kong nagpipiglas sanang tumayog
upang higit na matikman ang bukanliwayway;
mapagkandili ang tiyak mong paglagas
sa mga dahon kong nagsisikap dumami
sa pag-asang masinghot ang samyo ng amihan;
mapagmahal ang gawisik mong pagdilig
sa pagkapuno kong naghahangad yumabong
sa pinakamahasay na alay mong daigdig.
Sang-ayon akong lahat sa iyong niloob
pagkat batid kong ang lahat ng maselang sining
ay para sa aking ikabubuti at ikariringal.
Walang pasubaling tinatanggap ko,
nang walang alinlangan, ang iyong pag-ibig.

27 Disyembre 2002

Baging

Mula sa kamatayang pagtulog sa loob ng buto,
gigising ako para kilitiin ang talampakan mo.
Nalulula ako sa pagtingala sa iyong mga sanga,
bulaklaking humahaplos sa mga sutlang ulap.
Hangad ko rin ang itinadhanang kataasan mo.
May magawa kaya ang kalambutan
at kamuntian upang maging katulad mo?
Ito: ang pagsumundan ang iyong kaanyuan,
sambahin ang iyong larawan nang buong tapat,
sa pagkamarahang hindi ko akalain
at hindi mo napapansin.
Bayaang yakapin kita sa pulupot
na lunting-lunti at hindi mapaknit.
Araw-gabi akong gagapang, mangungunyapit
sa iyong banal na balat at mga duklay.
Bawat sandali'y magsusumingit sa iyo
pagkat ako'y sumasamba sa iyong tipuno.
Hanggang isang araw, hindi mo inaasahan,
dumampi ang dulong daliri ko sa dulong daliri mo
sa pagsaksi ng mga namanghang ulap at ibon.
At hindi mo na makilala ang sarili mong anyo
sapagkat ikaw at ako'y naging iisa.
Huwag mangamba, punong mahal,
wala sa hinagap kong patayin ka
kahit sa lahat ng bahagi'y lingkis kita.
Hindi ko hahayaang tayo'y malugmok.
Sayang kasi ang kinaiinggitan ng marami:
ang katayugang ating narating.

28 Disyembre 2002

Papaya

Huwag ibunton sa akin ang sisi
kapag hindi nangyari
ang diumano'y pagpigil ng katas ko
sa pagpulangit ng katas mo.
Wala akong kinalaman
sa pagluwa ng iyong mata
sa tukso ng gapapayang suso.
Bakit pinagnanasaang masakil
ang pagbabaga ng puson?
Para sa pagdalisay ng kaluluwa?
Naku, tumataba ang puso ko't
naging gabay na pagkain pa
para sa panlangit na hangarin.
Hindi na lamang tinilad na pantinola
o kinayod na pang-atsara,
o kinatas na pampakinis
kundi panlinis sa paglilibag ng isip.
Karangalan kong maging pangkatok
sa pinto ng langit.
Pero teka, baka maituring na pambulid
sa bulwagan ng impiyerno
(nagsisikip daw sa mga di-nakaiwas
sa apoy ng layaw ng laman)
kapag ako'y nagkamintis-mintis.
Masiyahan na lamang kasi
sa aking matamis na sustansiya
nang walang inaasahang
iba pang langit.

23 Disyembre 2002

Duhat

Walang dagtang tumagas
nang bitakin ako ng tag-araw--
ako na isang matandang duhat.
Parang salot ang latag
ng lumot sa aking katawan;
wala na sa piling ko ang namugad
na mga gagamba at langgam.
Sa nahantad kong himaymay,
nagkiwal ang anay;
sa mga pagod na sanga,
hindi na dumapo
ang makulay na hunihan.
Inilalaglag ko, masdan:
itim na luha
ng pamamaalam.

16 Hulyo 2002

Freelipiniana

Ulan

Pagkaraan kong bumuhos:
pintig ng liwanag sa daigdig.
Lalong asul na langit,
lalong dilaw na araw.
Tumatawa ang agos sa kanal.
Sumara ang bitak ng lupa,
nagising ang lumot, halaman, hayop.
Biglang lilitaw ang kabute...usbong.
Ako ang nagulat sa mga banyuhay!

10 Oktubre 2002

Freelipiniana

Mga Sabi

Ang mga tula ni Baquiran ay parang kamera. Kay-raming nakikita at itinatala pati ang ayaw nating tingnan. May hapdi ang kaniyang talinghaga, sugatan ang kaniyang panahon. Kahit hindi siya tumututol, lumalaban ang kaniyang mga tula, at umaasa.

----Jun Cruz Reyes

Pinagsalikop na timpi't timpál ang tatak ng tinig-bait na nagmumula sa mga tula ni Romulo P. Baquiran, Jr. Sa gayong pamamaraan, ang onix ay nahuhugisan ng puso; ang puso ay nahihiyasan ng kabundukan; at ang kabundukan ay nakapagtatampok ng mga karaniwang bagay na, gaya ng saging, ay nakapagbubunyag ng pusong taglay ang pag-asa't pagmamahal.

—Roberto T. Añonuevo

Masinsin ang mga talinghaga, may pangil at may ningas, sumusuot at sumusuot sa dibdib at malay, inaakay tayo ni Romulo P. Baquiran, Jr. sa pagtalunton sa kariktan at panganib ng gubat at nayon, ilog ng pangungulila, mga pagala-gala at nanginginaing hayop, pawang mga biyayang humahamon at nagpupugay sa pagiging tao. May laging malugod na pagtuklas ang pagsabay sa paghahanap ng makata.

--Rebecca T. Añonuevo

Ang masukal na kalooban ng mga mangingibig, ang kasaysayan at mga adhikain ng liping pinag-ugatan ng makata, mga awit at ugali at halagahan ng indibidwal at lipunan mula sa punto-de-bista ng mga pamilyar na hayop—malawak at masalimuot ang daigdig ng tula sa koleksiyong ito. Karanasang mapagpayaman ang makiraan sa daigdig na iyan sa gabay ng mga hiwaga ng talinghaga ni Romulo P. Baquiran, Jr.

--Dr. Bienvenido Lumera